

Ano Ang Mayroon Sa Kahon?



Kuwento ni:
Joseph Ace B. Balingit

Guhit ni :
Carlo D. Yambao

Lapat nina:
Erwin H. Iruma at Roland M. Suarez



-2022 Reader's Choice Award
-Rank 5- 2022 National Competition
on Storybook Writing Category 1 -Grade 5





Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2023 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval of conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

Ano Ang Mayroon Sa Kahon?, DepED-BLR, 2023

DEVELOPMENT TEAM

Schools Division Superintendent:	ENGR. EDGARD C. DOMINGO PhD, CESO VI MELISSA S. SANCHEZ PhD, CESE Assistant Schools Division Superintendent SHIRLEY B. ZIPAGAN PhD, CESE Assistant Schools Division Superintendent CELIA R. LACANLALE PhD CID Chief
LRMDS Team:	RUBY M. JIMENEZ PhD EPS-LRMDS ANALEA D. TUBIG RL Librarian II ELAINE D. CHUA PDO II
Writer:	JOSEPH ACE B. BALINGIT
Illustrator:	CARLO D. YAMBAO
Layout Artists:	ERWIN H. IRUMA / ROLAND M. SUAREZ


Ano Ang Mayroon Sa Kahon?



Pamantayan sa Pagkatuto

Nasasagot ang mga tanong sa binasa/napakinggang kuwento at tekstong pang-impormasyon

F5PB-la-3.1



Bata pa lamang ako ay sinabihan na ako ni tatay na huwag na huwag ko raw bubuksan ang mahiwagang kahon sa aming bahay. Pakiwari ko, lubhang napakahalaga ng laman ng kahong iyon kung kaya't mahigpit akong pinagbabawalan. Bawal akong lumapit at lalong bawal na bawal kong buksan ang mahiwagang kahon na iyon. Ang daming tanong na pumasok sa aking isipan kung bakit ayaw na ayaw pabuksan iyon ni tatay. Bakit kaya?



Sa isip ko, marahil naroon ang mga gintong ipamamana sa akin ni tatay. Maaari din naman ay naroroon ang lihim na lagusan patungo sa mahiwagang mundo o kaya naman ay nasa loob ng kahon ang mga itinatagong kayamanan ng aming angkan; mga diyamanteng kumikinang at mga mamahaling hiyas. Pero masunurin ako kaya di ako naglakas-loob na buksan ang mahiwagang kahon. Baka kasi ang pinakaiingatang yaman ng aming pamilya ay nasa loob ng mahiwagang kahon kaya ganoon na lamang ako pagbawalan ni tatay.



Kami na lamang ni tatay ang magkatuwang sa buhay dahil pagkasilang ko pa lang ay namatay na si nanay. Minsan sa isang linggo lang kami nagkikita ni tatay dahil buong araw ay nasa trabaho siya. Tuwing araw ng Linggo lamang kami nagkakasama. Kung puwede nga lang puro Linggo na lang ang araw sa kalendaryo para lagi ko siyang nakakasama. Ewan ko ba, sa aming magkakaklase si tatay lamang ang hindi dumadalo kapag may pagpupulong sa eskuwela. Hindi rin siya nakadadalo kapag may pagtatanghal ako sa paaralan. Palagi niyang sinasabi na may espesyal na misyon siyang gagawin sa araw na iyon.

- ☒ Pagtali ng sintas ng sapatos
- ☒ Pagliligo
- ☒ Pag-aayos ng damit sa aparador
- ☒ Pagluluto



Sa loob ng maraming taon ay nasanay na rin akong hindi kasama si tatay. Lumaki akong natutuhan ang mga bagay-bagay dahil ang sabi ni tatay kailangan ko raw matutong mamuhay nang mag-isa para pagdating ng panahon ay makatatayo ako sa sarili kong mga paa. Natutuhan kong gawin ang mga bagay katulad ng pagtali ng sintas ng aking sapatos, pagliligo, pag-aayos ng mga damit sa aparador, pati na rin ang pagluluto ng mga simpleng pagkain. Ayon kay tatay kailangan kong mapag-aralan ang mga bagay na ito dahil palagi siyang wala sa bahay.



Madaling araw pa lang ay umaalis na sa bahay si tatay. Habang ako'y natutulog, naghahanda na siya upang gawin ang kaniyang misyon na iligtas ang mundo. Tama! Inililigtas niya ang mundo. Nakalimutan ko palang banggitin, tatay ko pala si Supertatay. Bago siya umalis ay inihahanda na niya ang aking mga kakailanganin mula almusal at baon ko sa eskuwelahan. Plantsado na rin ang aking uniporme at ang kakainin ko sa buong araw. Sinisiguro rin niya na ang lahat ng aking pangangailangan ay naihandang na. Kahit wala siya ay nakaayos na ang lahat. Ganyan ang aking tatay. Wala man akong nakagisnan na nanay ay kaya niyang gawin ang napakaraming bagay. Sa maniwala ka man o hindi, si Supertatay ang aking tatay, pero sikreto lang ito ha? Ayaw kasing ipaalam ni tatay ang kanyang sikreto dahil mawawala raw ang kaniyang *superpowers*.




Kahit na hindi kami magkasama ni tatay marami raw siyang mga alagad na inuutusan upang makasigurong ako ay ligtas. Sila raw ang nagbabantay sa akin habang inililigtas niya ang sanlibutan. Mga alagad ni Supertatay daw ang mga iyon. Kahit saan daw ako magpunta, panigurado na may mga alagad siyang nakabantay. Nangako naman siya na kapag ako ay nasa panganib, darating siya upang ako'y tulungan. Katulad ng mga eksenang napanood namin sa pelikulang Supertatay ang nakikita ko.



Tuwing umaga, inuutusan daw ni tatay ang mabait na *tricycle driver* na ihatid niya ako sa paaralan. Libre lang daw 'yon dahil alagad siya ni tatay. Di ko naman namukhaan ang mamang drayber na mabait dahil balot ng tela ang kaniyang mukha at buong katawan na animo'y isang *Ninja*. Proteksiyon daw niya iyon laban sa init ng araw. Simula nang ako'y magsimulang mag-aral, siya na talaga ang naghahatid sa akin pagpasok ng paaralan. Sana darating ang araw na si tatay naman ang maghahatid sa akin. Iyong nakasakay ako sa kaniyang pulang kapa papunta sa paaralan.




Sa aking pag-uwi isang masipag na alagad ni Supertatay na *Metro Aide* ang laging naghahatid sa akin pauwi ng aming bahay. Tuwing napapadaan ako sa kalsada na malapit sa aming bahay, naroon siya at nakaabang upang ako'y ihatid. Katulad ni Manong Drayber, balot din ang kaniyang katawan mula ulo hanggang paa kaya di ko rin masyadong naaaninag ang kaniyang mukha. Nakasuot pa ito ng itim na salamin sa mata. Sana tulad ni Mamang *Metro Aide*, sinusundo rin ako ni tatay katulad din ng pagsundo ng iba pang tatay sa aking mga kaklase.



Tuwing araw ng Sabado at walang pasok, nasa bahay lang ako at nag-aaral ng aking aralin o kaya ay naglalaro dahil iyon ang kabilin-bilinan sa akin ni tatay. Tuwing Sabado rin ang araw na natitikman ko ang paborito kong spaghetti at pritong manok sa MCJO o kaya sa JOLLY-V. Inihahatid lagi ito ng isang alagad ni Supertatay, isang mamang nakabihis na animo'y si Shaider. Katulad ni Kuya *Metro Aide* at Manong Drayber, balot din ang buong katawan niya at di ko rin maaninag ang mukha ng mama. *Delivery Rider* yata ang tawag sa kaniya. Isa rin siya sa mga inuutusang alagad daw ni tatay. Sana ganyan din si tatay na hahatiran ako ng masasarap na miryenda at sabay namin itong pagsasaluhan.



Kahit pala sa mga handaan at bertdey ay may alagad din si tatay upang magbantay sa akin. Isang araw, nang ako'y naimbitahan sa kaarawan ng kaklase kong si Jun Jun, isang mabait na payaso ang yumakap sa akin at laking gulat ko ng tawagin ang aking pangalan. Parang kilalang-kilala niya ako. Sabi raw niya alagad din siya ni Supertatay at madalas daw niya akong ikinukuwento sa kaniya. Manghang-mangha ako sa husay niya sa pagmamadyik. Sana kasinghusay din siya ni tatay sa paggawa ng mga *magic trick*. Isang puting kalapati ang ibinigay sa akin ni Mamang Payaso mula sa isang malaking sombrero kaniyang sinuot. Talagang *the best* ang tatay ko. Alam na alam niya kung ano talaga ang gusto ko.



Minsan, nagpaalam ako sa aking tatay dahil niyaya ako ng aking kaibigan na kumain sa bagong bukas na kainan malapit sa aming bahay. May mga *mascot* daw na darating. Nagtaka ako dahil kaagad niya akong pinayagan at nakangiti pa niya akong binigyan ng pera. Ang sabi niya, panoorin ko raw kung paano gumiling at sumayaw ang *mascot* dahil tiyak na matutuwa ako. Napaisip tuloy ako. Parang nakita na ni tatay ang mascot na iyon.



Tama nga si tatay! Sadyang nakatutuwa ang *mascot*. Ang husay niyang gumiling at sumayaw. Tuwang-tuwa ang mga batang nanonood sa kaniya. Nilapitan ako ng *mascot* at binuhat pa niya ako. Pakiramdam ko, ako ang bida noong araw na iyon dahil sa lahat ng batang naroon ay ako ang nilapitan ng nakatutuwang *mascot*. Palakpakan ang mga bata at nagsigawan. Namula ang aking pisngi dahil hindi ko alam ang aking nararamdaman ng mga sandaling iyon. Kung naroon lang si tatay, tiyak ay nagsisigaw din siya sa tuwa.



Sa aking pag-uwi matapos maligo, maaga akong humiga sa aking kama. Bago matulog, nagdasal ako sa Panginooon at dumungaw sa bintana. Hindi ako natatakot dahil may masipag na Barangay Tanod ang nasa tapat ng aming bahay. Sabi ni tatay habang wala pa siya, ang tanod daw muna ang magbabantay sa akin. Isa rin siya sa mga alagad niya. Bata pa lang ako, nakikita ko na ang tanod. Kahit siya ay nakatalikod, alam kong binabantayan niya ako, gayundin ang aking mga kapitbahay. Sana kasingtiyaga rin siya ni tatay sa pagbabantay sa akin habang ako ay natutulog. Ganito pala kapag tatay mo si Supertatay, malungkot dahil walang tatay na makakasama at magbabantay sa pagtulog mo.




Araw ng Linggo, ito na ang pinakahihintay kong sandali dahil makakasama ko si Tatay. *Day off* daw ni Supertatay. Sa araw na ito, solong-solo ko si tatay. Sa araw na ito, tuturuan daw niya akong magbisikleta.

Magsisimba raw muna kami at pagkatapos ay pupunta raw kami ng parke sa hapon. Maaga akong gumising at tumakbo papunta sa aming banyo upang maligo nang bigla akong nadulas dahil di ko namalayan na basa pala ang sahig.




Sa sobrang dulas ng sahig, tumama ang aking ulo sa lugar kung saan naroon ang mahiwagang kahon. Sa sobrang lakas ng pagkakatama ay aksidenteng natumba ang mahiwagang kahon sa aming bahay. Sadyang napakabilis ng mga pangyayari ng mga sandaling iyon. Nakahandusay na ako sa basang sahig habang isa-isang lumabas ang mga bagay na hindi ko inaasahan mula sa mahiwagang kahon.





Laking gulat ko nang tumambad sa aking paningin mula sa kahon ang iba't ibang mga bagay. Hindi pala mga ginto, diyamante at mga tagong kayamanan ang laman ng mahiwagang kahon kung hindi iba't ibang kasuotan at uniporme. Takot na takot ako ng mga sandaling iyon dahil sa 'di sinasadyang pagkakataon ay nakita ko kung ano ang tunay na laman ng mahiwagang kahon sa loob ng aming bahay.





Mabilis akong tumayo at inisa-isang pinulot ang mga damit mula sa sahig. Tila pamilyar ang mga damit na ito sa akin. Ang suot ni Kuya *Rider*, ang kamiseta ni Manong Drayber, ang kulay berdeng damit ni Metro Aide, ang makukulay na damit ng payaso, ang *costume* ng masayahing *mascot* at ang uniporme ng tanod. Naroon din ang mga pekeng buhok, mga takip sa mukha at *helmet* na nakakalat sa sahig ng aming bahay. Dito ko napagtanto ang totoong laman ng kahon ay mga uniporme ni tatay. Si tatay pala ang lagi kong kasama at parating nakabantay sa akin.



Ngunit sa lahat ng mga ito, tila wala yata ang costume ni Supertatay. Ginalugad ko ang buong kahon kung mayroon bang Supertatay na *costume*. Inikot ko ang buong bahay pero wala ni kapisang tela o kahit kapa man lang ni Supertatay ang aking nakita. Hindi naman pala totoo na siya si Supertatay. Nagkukunwari lamang si tatay na may *superpowers* siya. Sa buong buhay ko ang akala ko ay hindi ko kasama si tatay. Mali pala ang aking inakala. Si tatay pala ay hindi nawala sa aking tabi kahit isang saglit.



Kinagabihan bago matulog, isang mahigpit na yakap at halik ang ibinigay ko kay tatay. Hindi alam ni tatay na alam ko na ang kaniyang sikreto. Basta ang mahalaga, alam ko na mahal na mahal ako ni tatay at mahal na mahal ko rin siya higit pa sa sampung beses. Tinupad ko ang aking pangako na mananatiling lihim ang lahat at hindi ko ipagsasabi na siya ay si Supertatay.



Dumating ang araw ng kaarawan ni tatay. Mula sa aking inipong baon, isang regalo ang aking binili at ibinigay sa kaniya. Niyakap ko siya nang mahigpit na mahigpit at hinalikan sa pisngi at binati ng *Happy Birthday* sabay abot sa aking regalo. Dahan-dahan at maingat niyang binuksan ang kaniyang regalo. Binasa niya ang nakasulat na “Para sa pinakamamahal kong Supertatay”.

Laking tuwa ni tatay nang makita niya ang aking handog sa kaniyang kaarawan. Isang kamisetang asul na may tatak na Supertatay. Niyakap ako nang mahigpit ni tatay at nagpasalamat sabay tulo ng luhang namuo sa gilid ng kaniyang mga mata. Kinuha niya ang isang asul na tuwalya at isinabit sa aking balikat na animo’y kapa ni Supertatay. Mula sa kaniyang matipunong bisig at malapad na balikat, binuhat niya ako na para bang ako si Supertatay na lumilipad. Sa mga oras na iyon, ramdam ko na kasama ko ang tunay na Supertatay, walang iba kundi si tatay.



Tungkol sa May-akda,Taga-guhit at Taga-lapat



JOSEPH ACE B.BALINGIT

Kasalukuyang nagtuturo sa San Isidro Elementary School, San Isidro, Masantol, Pampanga bilang Teacher III.



CARLO D. YAMBAO.

Nagtapos sa Bulacan State University sa kursong Bachelor of Elementary Education Major in Generalist noong 2015. Nagsimula ang aking karera bilang ilustrador ng mga kuwentong pambata sa LRMDs noong 2018. Kasalukuyang nagtuturo sa Concepcion Integrated School, San Simon, Pampanga bilang Teacher III.



ERWIN H. IRUMA

Kasalukuyang nagtuturo sa San Basilio National High School bilang Teacher III



ROLAND M. SUAREZ

Nagsimulang ibahagi ang kakayahan sa larangan ng pagguhit, paglalapat at pagsulat ng istorya sa LRMDs noong 2018. Kasalukuyang nagtuturo sa Floridablanca ES bilang Master Teacher II.



Basahin ang nakakaaliw na kuwento tungkol sa isang bata na naniniwalang ang tatay niya ay si Supertatay.

Isang mahiwagang kahon ang magsasabi sa tunay na pagkakakilanlan ng kaniyang tatay. Isang kuwento ng dakilang ama na gagawin ang lahat para sa minamahal na anak. Ano-ano kaya ang laman ng mahiwagang kahon? Tara at atin nang tuklasin!